DepEd Advisory No. 32, s. 2014
January 20, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

IKALIMANG PAMBANSANG KONGRESO NG WIKANG FILIPINO NG KAPISANAN NG MGA SUPERBISOR AT GURO NG FILIPINO (KASUGUFIL)

Ang Kapisanan ng mga Superbisor at Guro ng Filipino (KASUGUFIL) sa pakikipagtulungan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magsasagawa ng kanilang *Ikalimang Pambansang Kongreso ng Wikang Filipino* na may temang *Ang Pinayamang K to 12 Kurikulum Tungo sa Pagpapaangat ng Wikang Filipino at Kalidad ng Batayang Edukasyon (Pokus sa Baitang 3 at 9)* na gaganapin sa Mayo 7-10, 2014 sa Teachers Camp (Junior Mess), Lungsod ng Baguio.

Ang layunin ng Kongreso ay makapagbahagi ng kaalaman tungkol sa mga sumusunod:

1. Binagong Gabay sa Ortograpiyang Pambansa ng Wikang Filipino;
2. Ang Kurikulum ng K to 12: Pokus sa Baitang 3 at 9;
3. Ang Mother Tongue-Based (MTB) Kurikulum Pokus sa Baitang 3; at
4. Ang Pagtuturo ng Filipino Gamit ang Makabagong Teknolohiya (IT).

Ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor, puno/tagapag-ugnay ng kagawaran at guro ng Filipino sa mga paaralang publiko at pribado sa antas elementarya at sekundarya ay inaanyayahang dumalo.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro na mula pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Anumang katanungan o karagdagang impormasyon kaugnay ng gawaing ito ay maaaring itawag alinman sa mga sumusunod:

- Gng. Yolanda Gilbuena
  Ingat-yaman, Kapisanan ng mga Superbisor at Guro
  ng Filipino (KASUGUFIL)
  Mobile Phone Blg.: 0915-345-9830; 0917-968-1374

- Bb. Sandor B. Abad
  Katuwang na Kalihim
  KASUGUFIL
  Mobile Phone Blg.: 0908-697-8491
  Telepono Blg.: (02) 736-2519

Rhea /DA- Pambansang Kongreso ng KASUGUFIL
0010/January 15, 2014